Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagtukoy ng uri ng pang-abay

Panuto: Isulat sa patlang ang titik **PR** kung ang pang-abay na may salungguhit ay *pang-abay na pamaraan*, **PN** kung ito ay *pang-abay na pamanahon*, o **PL** kung ito ay *pang-abay na panlunan*.

1. _____ Tuwing alas singko ng umaga gumigising si Aling Dina.
2. _____ Naglalaba ng mga damit si Aling Dina araw-araw.
3. _____ Nakita ko siyang bumili ng sabong panlaba sa tindahan.
4. _____ Matiyagang pinapaputi niya ang mga uniporme ng kanyang mga anak.
5. _____ Si Ate Lorna ay naghahanda ng almusal sa kusina.
6. _____ Masarap magluto ng tapsilog si Ate Lorna.
7. _____ Tumungo sa hapag-kainan ang buong mag-anak.
8. _____ Darating na mayamaya ang mga bata mula sa paaralan.
9. _____ Naglakad nang matulin ang magkapatid.
10. _____ Dali-daling tumakbo si Alicia sa kanyang inay.
11. _____ Niyakap ni Aling Dina nang mahigpit si Alicia.
12. _____ Nahalata ni Alicia ang merienda sa ibabaw ng mesa.
13. _____ "Nagkaroon kami ng maikling pagsusulit kanina," sabi ni Alicia.
14. _____ "Naunawaan mo ba nang mabuti ang leksiyon?" tanong ni Aling Dina.
15. _____ Pumunta muna si Allen kina Jack dahil may hihiramin siyang aklat.
16. _____ Nagsisimba ang buong pamilya tuwing Linggo.
17. _____ Binibisita nila ang kanilang lolo at lola buwan-buwan.
18. _____ Nakatira ang lolo at lola nila sa isang subdibisyon sa Barangay ng San Martin.
19. _____ Masayang nakipagkuwentuhan si Lolo Pedring sa kanyang mga apo.
20. _____ Nangako ang mga bata na tatawag sila sa telepono bukas.